
PAUNANG PAGSUSULIT SA ARALING PANLIPUNAN 5

Pangalan _____ Baitang/Pangkat _____ Petsa _____
Paaralan _____Guro _____ Iskor _____

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Pag-aralan ang globo sa ibaba at kilalanin kung aling imahinasyong guhit ito.



   A. Guhit latitude
   B. Guhit longhitud
   C. Ekwador
   D. Prime meridian

2. Ano ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas?
   A. 4° - 20° H latitud at 116° - 127° S longhitud
   B. 4° - 21° H latitud at 116° - 126° S longhitud
   C. 4° - 20° H latitud at 116° - 127° S longhitud
   D. 4° - 21° H latitud at 116° - 127° S longhitud

3. Dahil malapit ang Pilipinas sa ekwador, ang ating klima ay tropikal, ano ang ibig sabihin nito?
   A. Tumatanggap ang Pilipinas ng tuwirang sikat ng araw
   B. Katamtamang init ng araw lamang ang tinatanggap nito
   C. Hindi ito nakakatanggap ng init ng araw
   D. Napakalamig ng klima sa Pilipinas

4. Sinasabing Austronesyano ang ninuno ng mga Pilipino dahil sa anong kadahilanan?
   A. Pagkalat ng wika at kultura ng mga Austronesyano sa Pilipinas
   B. Sa kanilang paglipat-lipat ng tirahan sa ibat ibang bahagi ng kapuluan
   C. Mga natagpuang labi ng mga Austronesyano sa Taiwan at Pilipinas
   D. Lahat ng nabanggit

5. Sila ang pinakamataas na antas sa lipunan, sila ang nagsisilbing puno ng barangay, namumuno sa paggawa ng batas. Sa anong pangkat ng lipunan sila kabilang?
   A. Alipin
   B. Datu
   C. Timawa
   D. Maharlika

6. Ano ang katangian ng lipunan noong sinaunang panahon?
   A. Hindi pantay-pantay ang katayuan ng mga mamamayan
   B. Pantay-pantay ang katayuan sa lipunan ng mga mamamayan noon
   C. Nahahati sa dalawang antas ang lipunan noong unang panahon
   D. Iisa lamang ang antas ng katayuan ng mga mamamayan sa lipunan

7. Ang mga batas ay patnubay ng mga tao upang maging maayos ang kanilang pamayanan at pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Ang ilan sa mga batas noon ay ang paggalang sa datu, pagiging masipag, pagbabayad ng utang sa takdang

araw at ang pagpaslang sa kapwa ay may parusang kamatayan. Ano ang isinasaad ng mga batas na ito?

A. Ang paggalang sa kapangyarihan at respeto sa kapwa ay lubos na mahalaga
B. Ang pagplano ng pamilya at pagbubuklod ng mag-anak ay mahalaga
C. Ang pagpapahalaga sa buhay, paggalang sa kapangyarihan, matapat at masipag ay lubos na mahalaga
D. Ang pagbabayad ng buwis at paglilingkod sa pinuno ay lubos na mahalaga

8. Kabilang sa mga patakaran ng pamahalaang barangay ang pakikipag-ugnayan sa ibang barangay, nagsasagawa sila ng seremonyang sanduguan bilang sagisag ng pakikipagkaibigan at pagkakapatiran. Bakit mahalaga ang batas na nabanggit sa buhay ng bawat unang Pilipino?
   A. Dahil nagdulot ito ng kapayapaan at maunlad na pamumuhay
   B. Dahil nagbigay ito ng kapayapaan dulot ng pakikipagkaibigan
   C. Dahil nagdulot ito ng pagkakasundo ng mga barangay
   D. Dahil nagbigay ito ng katarungan sa bawat unang Pilipino

9. Marami sa mga Piliipino ang nakikisa sa mga pagdiriwang gaya ng pagdaraos ng pista. Ito ay nagpapatunay lamang na _____.
   A. Binibigyang-halaga ang tradisyunal na paniniwala ng mga Pilipino
   B. Nagkakanya-kanya ang mga Pilipino
   C. Wala itong epekto sa mga Pilipino
   D. Gusto lang magsaya ng mga Pilipino

10. Ang ibig sabihin ng salitang Arabic na Islam ay pagsuko o dedikasyon kay Allah, ang kanilang Diyos.Ilarawan ang sentro ng pag-aaral ng Islam
    A. Paniniwala sa Bathala
    B. Paniniwala sa mga diwata
    C. paniniwala na may iisang Diyos
    D. Pagkakaroon ng maraming Diyos

11. Maituturing na isang relihiyong islam ang pinaniniwalaan ng mga sinaunag Pilipino. Ang mga sumusunod ay naglalarawan sa Muslim na paniniwala ?
    A. Naininiwala sa Anito
    B. Naniniwala sa Diwata
    C. naniniwala sa Bathala
    D. Naniniwala kay Muhammed

12. Ang mga Pilipino ay pinahahalagahang maigi ang mga nakagawiang panlipunan at kanilang tradisyon. Alin sa mga tradisyong ito ang ipinapakita sa larawan na may kinalaman sa kasal?



A. Piyesta B. Pamamanhikan C. Senakulo D. Simbang Gabi

13. Kahit gaanong hirap ay tinitiis ng magulang matustusan lamang ang pagpapaaral sa kanilang mga anak. Naniniwala ang mga magulang na sa pamamagitan ng pagpapatapos sa kanilang mga anak sa pag-aaral ay mahahango sila sa

kahirapan at giginhawa ang uri ng kanilang pamumuhay. Anong pagpapahalaga ang ipinapakita nito?
A. Pagpapahalaga sa kabuhayan
B. Pagpapahalaga sa relihiyon
C. Pagpapahalaga sa edukasyon
D. Pagpapahalaga sa kasal


14. Alin sa mga sumusunod ang dahilan at layunin ng kolonyalismong Espanyol?
A. Ang pakikipagkalakalan sa Silangan
B. Mahigpit na pangangailangang magkaroon ng bagong rutang pangkalakalan
C. Ang pagpapalaganap ng kristiyanissmo
D. Lahat ng nabanggit

15. Ano ang pangunahing dahilan ng pananakop ng mga Espanyol sa bansa?
A. Makipagkaibigan sa mga bansang Asyano tulad ng Pilipinas
B. Hanapin ang pulo ng pampalasa
C. Ang pakikipagkalakalan sa mga bansang Asyano
D. Ang pagpapalawig ng kristiyanismo sa bansa

16. Ano ang nagging reaksyon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol?
A. Tuwirang pagtanggi ng mga Muslim sa MIndanao at katutubo ng Hilagang Luzon
B. Pagtutol ng mg katutubo sa pamamalakad ng mga prayle
C. Pagtanggi ng mga Espanyol na tanggapin bilang isang paring Dominikano si Apolinario dela Cruz
D. A at B lamang

17. Alin ang nagging reaksyon ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Espanyol?
A. Marami ang tumanggap sa kulturang espanyol
B. Ang pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa mga Kastila
C. Ang pagsang-ayon sa mga nagging patakaran ng mga Espanyol
D. Ang pakikipagkasundo ng mga Pilipino sa mga Espanyol

18-20 Pag-aralan ang time line ng mga paglalakbay ng mga Espanyol (Magellan at Miguel lopes De Leagspi) sa Pilipinas hangngang sa pagtatatag ng Maynila at mga unang engkwentro rito.



18. Sa anong panahon dumating sa bansa si Ferdinand Magellan?
A. Mula 1519-1521
B. Mula 1521-1542
C. Mula 1542-1565
D. Mula 1565-1571

19. Noong 1521 sa pagdating ni Magellan sa Pilipinas, alin sa mga sumusunod ang mahalagang nangyari?
A. Narrating ni Magellan ang Limasawa

B. Nagkaroon ng labanan ang grupo nina Magellan at Lapu-lapu kung saan namatay si Magellan
C. Maraming mga Pilipino ang nangatakot
D. Ginanap ang kauna-unahang misa bansa

20. Ayon sa time line, kalian ginawang lungsod ni Miguel Lopez de Legaspi ang Maynila?
A. 1521 B. 1565 C. 1571 D. 1519

21. Paano naakit ang mga Pilipino na mapalapit sa simbahan?
A. Nagdaos ng mga pagdiriwang na panrelihiyon
B. Nagkaropn ng mga tindahan sa tabi ng simbahan
C. Nagpatayo ng maraming simbahan
D. Nagpagawa ng mga plaengke at plaza

22. Masasabing ang Katolisismong ipinakilala ng mga Espanyol ay katutubong Katolisismo dahil ang mga paniniwala nila ang ginamit kaugnay ng relihiyon tulad ng mga sumusunod maliban sa isa, alin ito?
A. Ang Ati-Atihan tuwing Enero na nagmula sa sinaunang kaugalian ng mga Ati na bumbaba mula sa kabundukan
B. Ang Pista ni San Isidro Labrador na nagging patron ng mga magsasaka
C. Ang pag-aalay nila kay Birhen Maria tulad ng pag-aalay sa kanilang anito at diwata
D. Pag-aalay ng mga hayop, gulay at iba pa sa kanilang dambana

23. Ang mga Pilipino sa barangay na nasakop ng mga Espanyol ay inilipat sa mga bagong panirahan o ang tinatawag na reduccion. Ano ang layunin nito?
A. Para pagsama-samahin sa isang pueblo ang mga pamilya mula sa malalayong lugar
B. Para magkahiwa-hiwalay ang mga pamilya
C. Para maihanda ang mga Pilipino sa pamahalaang kolonyal
D. Para turuan ang mga katutubo ng mga batas

24. Sa paanong paraan naiba ang tributo sa encomienda?
A. Ang tributo ay isang Sistema ng pagbubuwis na maaring bayaran ng salapi, ginto, tela
B. Ang tributo ang unang hakbang sa pagtatatag ng kolonyang Espanyol sa bansa
C. Ang tributo ay ang mga lupang ipinagkatiwala sa mga Espanyol para pamahalaan
D. Ang tributo ay pagbubuwis samantalang ang encomienda ay pagkakatiwala ng mga lupa sa mga Espanyol

25. Ano ang nagging kaugnayan ng kristiyanismo sa reduccion?
A. Nailipat ng tirahan ang mga pamilya sa isang pamayang tinawag na pueblo
B. Inatasan ang pagtatatag ng mga panirahan ang mga bagong binyag sa kristiyanismo at ang mga hindi pa nabibinyagan
C. Pagtuturo ng katesismong katoliko sa mga mamamayan
D. Pagpapatupad sa sistemang polo y servicio o sapilitang paggawa

26. Ano ang naging patakaran ng sapilitang paggawa sa pagtatatag ng kolonyang espanyol sa bansa?

A. Lahat ng mga lalaking naninirahan sa kolonya, may edad na 16-60 ay kailangang magtrabaho nang walang bayad sa loob ng 40 araw
B. Lahat ng mga lalaking naninirahan sa kolonya ay babayaran ng 10 reales kada araw sa kanilang trabaho
C. Lahat ng mga lalaking naninirahan sa kolonya ay bibigyan ng sariling lupang sakahan kapalit ng paggawa nila nang libre sa pamahalaan
D. Lahat ng mga lalaking naninirahan sa kolonya ay magkakaroon ng sariling tahanan sa loob ng publo nang libre

27. Ang ang nagging tungkulin ng mga prayle sa ilalim ng Patronato Real?
A. Pangungulekta ng buwis
B. Pagkontrol sa pagtatalaga sa matataas na puwesto sa simbahan
C. Palaganapin, panatilihin at protektahan ng simbahan ang relihiyong Romano Katoliko
D. Lahat ng nabanggit

28. Ano ang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pamamahala ng mga prayle?
A. Nagging sunud-sunuran na lamang ang mga Pilipino sa mga Espanyol
B. Maraming Pilipino ang natuwa at nasiyahan
C. Umunlad ang kanilang pamumuhay sa ilalim ng mga Espanyol
D. Naghimagsik ang kanilang kalooban sa pamamahala ng mga prayle

29. Ang bahay-kubo ang tirahan ng mga Pilipino noon, karaniwang gawa ito sa kawayan at nipa. Sa panahon ng Espanyol, itoy nabago, Anong bahagi ito ng tahanan sa panahong kolonyal na kung saan nakikipagkwentuhan ang may-ari ng bahay sa mga panauhin na matatagpuan sa likod-bahay, kalimitan ito ay yari sa bato?

A. Antesala B. Comedor C. Azotea D. Cuarto

30. Alin ang HINDI totoo sa kalagayan ng kababaihan sa panahon ng Espanyol?
A. Nakapag-aaral sa mga kolehiyo o beaterio
B. Malayang nakilalahok sa gawain sa pangangalakal
C. Nirerespeto ng lahat ng kalalakihan
D. Pinagbabawalang dumalo sa pagtitipon

31. Sino sa mga sumusunod ang pinakamababang uri ng tao sa lipunang kolonyal?
A. Pilipino (katutubong tao sa Pilipinas)
B. Peninsulares (Espanyol na isinilang sa Espanya)
C. Mestizo (produkto ng Espanyol at Pilipino)
D. Insulares ((Espanyol na isinilang sa Pilipinas)

32. Ang mga sumusunod ay impluwensya ng kulturang Espanyol sa kulturang Pilipino Alin ang hindi?
A. Pagdaraos ng mga pista ng patron o santo
B. Pakikipagpalitan ng produkto o pagsasagawa ng barter
C. Pag-aaral umawit, bumasa at sumulat sa paaralan
D. Pagpapatayo ng mga bahay na gawa sa bato

33. Pamahalaang dinala ng mga Muslim sa ating bansa. itinatatag ito ni Shariff Abu Bakr.
A. Pamahalaang lokal
B. Pamahalaang Barangay
C. Pamahalaang Sultanato
D. Pamahalaang Sentral

34. Kung datu ang gumagawa at nagpapatupad ng batas sa pamahalaan ng sinaunang Pilipino. _____ naman ang nagpapatupad ng batas sa pamahalaang kolonyal.

A. Gobernador Heneral
B. Royal Audiencia
C. Residencia
D. Visitador

35. Ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa sistema ng kalakalan ng sinaunang Pilipino maliban sa_____.

A. Ang sistema ng kanilang pangangalakal ay barter o palitan, kung saan ang dalawang mangangalakal ay magpapalitan lamang ng kani-kanilang mga kalakal.
B. Ang mga kalakal tulad ng seda mula sa China at mga pampaalsa ay inilululan sa galyon. Pagdating nito sa Acapulco ipinagbibili ang mga ito sa higit na mataas na halaga.
C. Sa huling bahagi ng panahon ng bato, naging masigla ang dayuhang kalakalan dahil sa higit na mainam ang transportasyong pandagat. Bunga nito, napayaman ang kulturang Pilipino dahil sa pakikipag-ugnayan sa mga dayuhan.
D. 3Ito ay tinuring na higit na nakasama at hindi nakabuti sa kalagayang pangkabuhayan ng bansa.

36. Nagsagawa ang mga Espanyol ng maraming pagtatangka na sakupin at mapasuko ang mga katutubong nasa kabundukan at naninirahan sa Mindanao. Sinu-sino ang mga katutubong pangkat na ito?

A. Bisaya
B. Igorot
C. Muslim
D. B at C ang tamang sagot

37. Ang pag-angkin ng mga Espanyol sa kanillang mga lupain ang pangunahing dahilan ng rebelyong ito.

A. Pakikibaka ng mga Muslim
B. Pag-aalsa ng mga magsasaka
C. Rebelyon ni Hermano Pule
D. Pag-aalsa ni Tapar

38. Anong katutubong pangkat ang ilang beses na tinangka ng mga Espanyol na magapi subalit hindi sila nagtagumpay?

A. Bisaya
B. Cebuano
C. Ifugao
D. Muslim

39. Ano ang dahilan ng rebelyon ni Francisco Dagohoy?

A. Pangungulekta ng buwis
B. Pagtanggi na binigyan ng Kristiyanong libing ang kanyang kapatid
C. Panrelihiyong pag-aalsa
D. Tinanggihan siya ng mga pinuno ng mga panrelihiyong samahan.

40. Ang mga pag-aalsa sa Pilipinas ay may ibat-ibang motibo. Sina Tamblot at Bankaw ay may panrelihiyong motibo, Si Diego Silang ay dahil sa pagmamalabis ng mga Espanyol at si Francisco Dagohoy ay dahil sa personal na hindi pagkakaunawaan. Pangkalahatan, ang mga pag-aalsa na ito ay mga bigo dahil _____

A.Walang mahusay na pinunong militar at pagkakaisa ang mga nanguna sa pag-aalsa
B.Higit na mahusay ang mga armas ng mga kalabang Espanyol kaysa sa ating mga Pilipino
C.Kakaunti lamang ang bilang nila kesa sa mga Espanyol na mas marami
D.Hindi napapanahon ang kanilang pag-aalsa

41. Ang relihiyosong pag-aalsa ni Apolinario Dela Cruz o mas kilala bilang si Hermanong Pule ay isa sa dahilan sa lalo pang pagpapaigting ng pantay na pagtingin sa mga paring Espanyol at katutubo sa Pilipinas. Ano ang pangalan ng relihiyosong kapatiran na kanyang itinatag?

A.Santisimo Nombre de Jesus
B.Confradia de San Jose
C.Beaterio dela Campaña de Jesus
D.Iglesia Filipina Independiente

42. Ano ang ginawa ng mga Pilipino upang labanan ang monopolyo ng tabako?

A. Marami ang nagkibit balikat na lamang
B. Marami ang nagging sunud-sunuran na lamang sa patakarang ito ng mga Espanyol
C. Maraming Pilipino ang natuwa sa pamamalakad ng mga Espanyol
D. Marami ang naghimagsik ang kalooban at nag-alsa laban sa mga Espanyol

43. Sa kalakalang galyon, dumanas ng hirap ang mga Pilipino habang ang mga pinunong Kastila ay yumaman. Kaugnay nito, ang mga Pilipino ay naging _____.

A. Nagging mas masigasig sila sa pakikipagkalakalan
B. Masaya sila sa nangyari dahil dumami ang produktong dayuhan
C. Nagging isa sa dahilan ito ng pag-aalsa ng mga Pilipino
D. Pinili ng mga Pilipino ang sumunod na lamang

44. Ano ang kahulugan ng pilosopiyang merkantilismo?

A. Nagbigay-daan ito sa pag-aagawan sa kolonya sa bagong daigdig
B. Nasusukat sa dami ng ginto kung sino ang mamumuno sa bansa
C. Napalakas ang kapangyarihan ng mga bansang mananakop
D. Lahat ng nabanggit

45. Bunga ng pagbukas ng Maynila sa kalakalang pandaigdig at paglitaw ng makabagong Filipino na tinawag na Ilustrado,
A. Nabuksan at uminit and damdaming makabayan ng mga Pilipino sa pagdating ng ilang Espanyol na may kaisipang liberal
B. Marami ang tumanggi sa kaisipang demokratiko
C. Nagising sila sa katotohanang kailangan ang pagbabago
D. A at C lamang

46. Dahil sa malawakang pang-aabuso at katiwalian ng ilang pinunong Espanyol, maging ang mga kakabaihan ay nakisali na sa mga pag—aalsa, ang mga sumusunod ay kanilang naging papel maliban sa_____.

A. Natuto silang maging mensahero
B. Natuto silang maging manggagamot
C. Natuto silang maging espiya laban sa mga Espanyol
D. Natuto silang gumawa ng mga sandata at armas

47. Pag-aalsa at rebelyon ang sagot ng mga katutubong Pilipino upang iparating sa pamahalaang kolonyal ang kanilang pagtutol sa pamamalakad sa bansa, ang pag-aalsang ito ay may patungkol sa pangangasiwa at pagmamay-ari ng lupa?

A. Kilusang Agraryo ng 1745
B. Pag-aalsa nina Diego at Gabriela Silang
C. Pag-aalsa nj Juan Dela Cruz Palaris
D. Pag-aalsa ng Cofradia de San Jose

48. Ano ang mensahe para sa mga Espanyol ng pag-aalsa ng mga Gaddang?

A. Matutong makinig ng mga Espanyol.
B. Itigil na ang pagmamalupit sa mga Pilipino.
C. Tanggalin ang parusang kamatayan.

D. Palayain na ang mga Pilipino.

49. "No man is an island", kaya marapat lamang na tayong lahat ay makitungo nang maayos sa ating kapwa dahil ang mabuting samahan ay nagdudulot ng pagkakaisa.

A. Mabuting pakikipagkapwa
B. Pagtangkilik sa sariling produkto
C. Mabuting saloobin sa paggawa
D. Pagtangkilik sa sariling kultura

50. Ang sustainable development ay bahagi ng isa sa ating mga gampanin bilang mamamayan. Ano ang kahulugan nito?

A. Mabuting pakikipagkapwa
B. Pagtangkilik sa sariling produkto
C. Wastong paggamit ng likas na yaman
D. Pagtangkilik sa sariling kultura